Nakabulaga ang kalahok na si Shout For Joy na sinakyan ni Pao Guce na biglaang rumemate sa gawing labas at lagpasan ang tatlong mahigpit nilang katunggali na sina Head Mastership, Stockholm at Doshermanos Island sa huling 100 metro ng labanan. Sa karerang iyan ay medyo napalakas ang ayre sa umpisa nung nasabing tatlo sanhi nung nagawang pag arangkada rin sa umpisa nung banderistang si Cock A Doodle Doo, kaya ang kinalabasan ay napagod sila pagsungaw sa rektahan at ang nakinabang tuloy ay ang batak na si Shout For Joy. Tumapos ang karerang iyan ng tiyempong 1:30.0 (12'-24'-25'-28') para sa distansiyang 1,400 metro ng labanan. Sa ibang karera naman ay mabuti na lamang na naging maagap ang nagbabalik sakay na si Mark Gonzales sa sakay niyang si Corazon matapos na medyo nakiputan nung bumanderang si Pinky's Magic ni Jao Saulog pagkaliko sa huling kurbada, na agad rin naman naawat ni Jao na sumiksik palapit sa tabing balya ang kanyang dala. Kaya nung magkaroon ng butas na madaraanan ay walang anuman na sinibat sa loob si Corazon upang talunin ang dalawang malapit niyang kalaban na sina All Too Well at Kaluguran na parehong pumaling palabas nung naganap ang pag iwas ni Jao. May estilong bulok pa na dapat ay makita sa review ng PHILRACOM ang nagawang pagdadala sa mga kabayong sina Gee's Prize ni Jommel Lazaro at Dream Of Mine ni Bodjie Henson na pinagwagian nung paubos na sa tres oktabos (600 meters) pa lang na si Smooth Runway. Hindi natin binabalewala ang kakayanan ni Smooth Runway, pero sa nakitang nagawang pananakay dun sa dalawa ay puwedeng mapatawan ng suspensiyon. Ang kay Dream Of Mine ay hindi buhos ang pag ayuda dahil napakalamig ng pananakay na ginawa sa kanya kaya walang galit at usad, samantalang ang kay Gee's Prize naman ay nagpaiwan upang masabi na malayo ang pinanggalingan at kung kailan malayo na ang kalaban ay saka pa lang magpapakitang tao na todo ang palo at pag ayuda.

# MOA SIGNING REGARDING THE VIPER PROJECT FOR THE BIG ONE

**TO strengthen its force and take precautionary measures for the impending impact of the Big One, an earthquake with a magnitude of 7.2 in the Richter Scale, the provincial government of Cavite thru the Provincial Disaster Risk Reduction Management Office (PDRRMO) gathered PDRRM Council members, municipal/city DRRM officers and LGu representatives, focal persons from non-government agencies and other stakeholders from private sectors on May 22-25, 2018 at the Bali Village Resort in Tagaytay City in order to enhance its contingency plans in the province.**

Likewise, Governor Jesus Crispin " Boying" Remulla entered into a Memorandum of Agreement with the Humanitarian Leadership Academy (HLA) represented by its Academy Centre Director Diosdado P. Waña and Adventist Development and Relief Agency (ADRA) with its Country Director Thomas John Pignon on May 28, 2018 at the OPG Conference Room at the provincial capitol in Trece Martires City to raise the level of preparedness of the whole province since the Big One will not only affect Metro Manila but the entire province as well particularly the municipalities of General Mariano Alvarez, Carmona and Silang where the West Valley Fault system traverses.

The governor emphasized the importance of being fully prepared in crisis and instructed the PDRRMO to fortify its campaign on calamity readiness and ensure the safety of the people.

PGC, HLA and ADRA recently worked together in organizing a Provincial Wide Colloquium on the Big One Preparedness in collaboration with the Office of the Civil Defense-Region 4A, PHIVOLCS and Metro Manila Development Authority. During the discussion, it was decided that there is a need to sustain the outcome of the Colloquium and agreed to develop a proposal called "Vulnerability and Impact Reduction for Earthquake in Cavite "or the VIPER project to support PGC in its aim to strengthen its preparedness in the event of the 7.2 earthquake that will hit the province. One of the objectives of the VIPER project is to enhance the capacity of the province of Cavite to prepare, respond and operationalize a contingency plan for the happening of the Big One and lessen the impacts of disasters to the lives and properties through preparation and planning. The VIPER Project has three stages including development of contingency plan, strengthening coordination mechanism in the province, and advocacy linkages to other national contingency plans such as the Metro Yakal Plus. Other stakeholders, such as representatives at barangay level and heads of civil society organizations may also take part in the project.

It was stated in the MOA that ADRA being the lead agency of the venture will provide the leadership in the over all management of the project. Together with HLA-PAC, they will provide the funds for the identification of areas of collaboration among the parties related to preparedness for the 7.2 earthquake. ADRA will take the lead for Stage 1 of the Project, while HLA-PAC will take the lead for the Stage 2 in terms of providing technical assistance or engage services of a competent local service provider to assist in the implementation of the project. ADRA is also responsible in facilitating effective regular monitoring of the project implementation including the conduct of post activity assessment to measure the achievement of the project in a participative and transparent manner. They will formally validate the contributions of the members of the consortium and inform the parties involved should there be any changes in plans.

HLA-PAC on the other hand must partake in project management team meeting and other consultations related to project implementation. HLA-PAC and PGC must contribute and commit a project counterpart which may include staff time, travel cost and the use of venue.

The PGC thru the PDRRMO will take the lead for the stage 3 and the actual implementation of the contingency plan resulting from the VIPER project. They will also provide technical assistance or engage services of a competent local service provider to assist in the implementation of the project stage, in accordance with the law on procurement. They will also assist in the dissemination of information regarding status and updates of the project implementation to program beneficiaries and other relevant stakeholders. They must ensure the sustainability of the project by including it in the Annual Investment Plan (AIP) in such amount as may be permitted by its budget. PDRRMO must assist in the identification of qualified participants at the provincial level, to attend training activities and workshops organized by the consortium under this project and provide counter part support such as transportation cost of the PGC participants to and from the training /workshop venue. They must facilitate the safe access and integration of the ADRA and HLA and other project partner's staff in the project and ensure the security of project materials, vehicles and equipment in the field. Similarly, they must provide suitable venue that can be used for the conduct of the sessions, consultations-meetings, public fora and other related activities. PDRRMO must allow the consortium to access the relevant public documents such as the provincial development plan, annual investment plan, DRR/contingency plans, hazard, vulnerability, capacity assessment data and other pertinent document to guide and enable the project implementation team to provide timely and appropriate technical advice and that will ensure effective and efficient project implementation, subject to confidentiality and other propriety rights of the PGC and other concerned party.

The provincial government is preparing to respond not just for those affected within the province but is also enthusiastic to help other neighboring provinces severely affected, as part of the coordination mechanism at the national level. After in-depth review and incessant planning, it is expected that Cavite will brilliantly handle all the complications on the full implementation of the project and readily give appropriate actions to address the gaps on completing the contingency plans. —— **(PICAD with reports from PDRRMO)**






## USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Nagawang kasalanan pagsisihan

SERYOSO ang pamunuan ng kapulisan sa Cavite na 'walisin' ang iligal na droga sa buong lalawigan.

Hindi ba nitong nakaraang linggo ay magdamag o buong isang araw na gumalaw ang mga operatiba ng Cavite Police Provincial Office.

Sinuyod ang iba't ibang lugar sa Cavite at ikinasa ang anti-illegal drug operations.

May 26 ng alas-6:00 ng umaga hanggang May 27 ng alas-6:00 ng umaga isinagawa ang operasyon.

Pagpapatunay lamang ito na kumikilos ang CAV PPO para palakasin ang kampanya laban sa illegal drugs.

Nagpalabas ng ulat si PRO-Calabarzon regional police director, Chief Supt. Guillermo Eleazar na tatlo katao ang namatay sa nasabing whole day operation.

Napatay dahil sa sinasabing nanlaban ang mga suspek sa halip na isuko nila ang mga sarili sa mga awtoridad.

Kagaya ng ipapatupad dapat ang search warrant sa Stateland Hills, Henry St., Barangay Manggahan, Gen Trias City dahil pumalag ang suspek kaya napilitan ang mga pulis na magpaputok na rin.

Ganoon din sa ikinasang buy bust operations sa Villa Esperanza, Brgy. Molino 2, Bacoor City na nanlaban ang suspek.

Habang ang isa pa sa tatlong namatay ay mula naman sa Barangay Paliparan, Dasmarinas City na kinilalang si alyas Dodi Daga.

Bakit nga ba mas pinipili pa ng ibang suspek na manlaban sa halip na sumuko?

Ano nga kaya ang kanilang dahilan o motibo para makipagpalitan ng putok sa mga pulis?

Mahirap ng sagutin ang ganitong katanungan dahil tanging siya o sila lamang ang nakakaalam ng dahilan o kung bakit sila kumasa sa mga alagad ng batas.

Sa nangyaring buong isang araw ng operasyon maliban sa tatlong suspek na napatay ay nasa 32 pang drug personalities ang naaresto.

Sila ay nasukol mula sa ibat ibang barangay ng naturang lalawigan.

Kung pati pala itong 32 ito ay nanlaban din, nasa 35 ang tigbak sa operasyon na iyon.

Mas pinili naman nilang sumuko dahil mayroon silang kanya-kanyang dahilan.

Pero sana ang dahilan ay upang pagsisihan ang nagawang kasalanan at paglabas ng piitan ay harapin ang pagbabagong buhay.

Hindi doon nagtatapos ang operasyon ng kapulisan ng Cavite dahil ang misyon nila ay 'mawalis' ang droga sa lalawigan.

Ayos iyan mga sir!

# RIA ATAYDE, RAMDAM NA RAMDAM ANG KAHUSAYAN NG INA BILANG AKTRES

**MISTULANG pumasok ang kaluluwa o espiritu ni Ria Atayde sa kanyang inang si Sylvia Sanchez.**

Kung bakit ay dahil tunay na naramdaman ni Ria kung gaano talaga kahusay ang kanyang ina.

Hindi naman talaga maitatanggi, si Sylvia ay maituturing bilang de-kalibre at premyadong aktres.

Kaya hindi nakakapagtaka ang Pasado Awards para sa veteran actress.

Iginawad kamakailan kay Sylvia ang 'Pinaka-pasadong Aktres sa Tele-serye.'

Mula ito sa teleseryeng 'Hanggang Saan' kaya nga lamang ay nagkataong wala si Sylvia para tanggapin ang award.

Kaya naman ang anak ni Sylvia na si Ria ang kumatawan para sa ina sa pagtanggap ng parangal.

Habang tinatanggap ni Ria ang award ay doon ramdam na ramdam niya kung gaano kahusay ang kanyang ina bilang isang aktres.

Habang nararamdaman ang presensiya ng ina ay hindi maiaalis na pangarapin ni Ria na magkaroon din ng mga ganoong uri ng award.

Knowing na marami ng parangal ang natamo ni Sylvia kaya naman super proud si Ria para sa ina.

Walang ano mang selos o inggit sa halip ang mga nakukuhang award ng ina ang nagbibigay o magbibigay ng lakas at magsisilbing sandata ni Ria upang lalong paghusayan ang kanyang career.

Kaya hindi mismo si Sylvia ang tumanggap ng kanyang parangal ay dahil nasa Hong Kong siya ng mga panahong iyon.

Inilunsad ang Beautederm Clinic doon na pagmamay-ari ni Ms. Rei Ramos Anicoche-Tan.

Kasama ng beteranang aktres sina Arjo Atayde, Shyr Valdez, Matt Evans etc.

Speaking of Matt Evans, isa pala sa dream niya ay ang makatrabaho at makasama sa isang teleserye si Kapuso Primetime Queen Marian Rivera.

Although nagkakasama na ang dalawa sa tropa ng Sunday Pinasaya ng GMA-7 ay pinapangarap pa rin ni Matt na makasama sa teleserye si Marian.

Pakikiramay po pala sa pamilya ni Ruffae Mae Quinto sa pagpanaw ng pinakamamahal niyang ina.

Nakita natin ang post ng komedyana sa kanyang Instagram account.

Larawan ni Ruffa at kasama sa post ang ina na kinunan noong Mother's Day.

Labis ang pagdurugo ng puso ni Ruffa since wala na ang ina ay hindi na niya makakapiling sa kanyang kaarawan.

Alam ba ninyo na ang kahusayan ni Ruffa sa larangan ng komedya ay nakuha o namana niya sa ina.

HANEP SHOWBIZ





## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 67 labas)**

PAPALAPIT na sa coffee shop si Kardo at natatanaw niya si Lyka at ang lalaki.

Nagkataon pa naman na ang eksenang nakikita ni kapitan ay ang tila paghaharutan ng dalawa.

Tamang duda o hinala kaagad si kapitan lalo at napansin niyang binubulungan ng lalaki si Lyka.

Kaya ang himutok ni kapitan kaya hindi nakakasagot ng text at tawag sa cellphone si Lyka ay dahil nakikipagharutan sa lalaki.

Nagkataon din naman na tinatanong ni Lyka ang lalaki kung sino ang napangasawa nito.

Mantakin ba naman na sasagutin lamang ng lalaki ang tanong sa pamamagitan ng pagbulong kay Lyka.

Bagay na pumayag naman si Lyka kaya nga hayun habang bumubulong si lalaki ay eksaktong natanaw ni Kardo.

Pumasok na ng coffee shop si Kardo at papalapit na siya sa dalawa na masaya pa rin ang tagpo.

Galit si kapitan at kumakabog ang dibdib dulot ng nararamdamang selos.

Sa paglapit ni Kardo ay sisitahin niya talaga dapat ang dalawa subalit maagap si Lyka.

"Hi 'kap, meet my school mate."

Pagkalapit ni Kardo na hindi pa nakakapagsalita ay bigla siyang sinalubong ni Lyka.

Isang matamis na halik ang isinalubong ni Lyka kay kapitan subalit sa pisngi lamang.

Pero pagkahalik naman ay biglang kinalawit ni Lyka ang braso ni Kardo sabay pakilala sa kanyang dating kaeskuwela.

Nawala ang galit ni kapitan dahil sa masuyo at malambing na pagsalubong sa kanya ni Lyka.

"Yah, he is my husband at may isa na kaming anak ngayon pero maliit pa lamang siya."

Sukat ba naman na ipinakilala ni Lyka sa dati niyang kaeskuwela na si Kardo ay kanyang mister.

Panay na lamang ang tango ni kapitan habang nakikipagkamay sa lalaki.

Paano bang hindi sasakay sa agos si Kardo eh medyo pinipisilpisil ni Lyka ang kanyang braso na nagpapahiwatig na sumang-ayon na lamang.

"Bakit mo ako ipinakilala na asawa mo?"

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-66 labas)**

BENTAHE si Dagul na malayang makakuha ng video dahil hindi siya kilala ng grupo ng mga lalaki.

Gayunpaman ay maingat na maingat siya sa ginagawang pagvi-video upang hindi makahalata ang grupo.

Nang mga sandaling iyon ay nagpupuyos sa matinding galit si Dagul habang nagvi-video.

Nasa harapan na niya ang mga salarin, ang dalawang lalaki na sumaksak at pumatay sa kanyang ama.

Gusto niyang sugurin ang grupo subalit mas nananaig ang hangarin ni Dagul na maipagkaloob ang hustisya sa ama niya.

Bilang abogado ay nangangailangan pa rin siya ng iba o mga karagdagan pang ebidensiya na tuluyang makakapagdiin sa dalawang lalaki na nagsasabing sila ang pumatay sa kanyang tatay.

"Wala na akong masyadong balita kay Goryo, mula nang iwan ang kanyang puwesto sa palengke ay umuwi na 'ata ng kanilang probinsiya."

Nabubuhayan muli ng loob si Dagul dahil nababalik kay Goryo ang usapan.

Nang maging kargador si Dagul ay hindi na niya inabutan si Goryo.

Iba na ang nagmamay-ari o nangungupahan sa dating puwesto ni Goryo.

"Bakit pa ba natin pag-uusapan ang Dagul na 'yan pati ang Goryo na 'yan."

"Hayan na ang order natin , gutum na gutom na kami kaya kumain na tayo."

Nabibitin si Dagul sa usapan dahil hindi nabanggit ng grupo kung saan na talaga sa ngayon si Goryo.

Napakahalaga pa naman para kay Dagul ang Goryo na iyon para sa ikalulutas ng kaso ng pagpatay sa kanyang ama.


Halatang gutum na gutom nga ang grupo dahil kahit mainit pa na inihain ang kanilang inorder ay ang bibilis nilang kumain.

Mukhang nagmamadali pa ang grupo dahil pagkatapus na pagkatapos makakain at makabayad ng chit ay mabilis na lumabas ng restoran.

"Heto si Goryo , hahaha."

(Sundan)

# MGA KAGANAPAN SA 'EAHSAAI' GENERAL ASSEMBLY AND BOARD OF TRUSTEES ELECTION (Mga kuha ni Romy Santos)






Malaki na ang ipinagbago ng Esteban Abada High School na nasa Blumentritt, Sampaloc, Manila.



Ang pito sa sampung nahalal na Board of Trustees. Dalawa sa sampung nanalo ay mula sa Batch 83 na Rank 1 and 2 sa bilangan.


Solid ang Batch 83.


Hindi na tumakbo ang dalawang terminong pangulo ng alumni na si Teresita 'Teray' Crisostomo (ikaapat sa kanan) mula sa Batch 83.


Lahat ay maayos na nakaboto.


Abala na sa botohan ang lahat.

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
0947-3254064
Look for Rommel

**B3W Motor Shop**
(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)
Ligtong 3, Rosario, Cavite


**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
Home of exotic pulutan
Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila

**MANS ALTERATION-TAILORING**
Located at Town Plaza
Noveleta,Cavite

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
Alima, City of Bacoor, Cavite
Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.
We also buy and sell all kinds of printing machineries
Contact: (046) 434-6167
Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067

HANEP
Basahin Mo Ito!
Hunyo 4-10, 2018

# CROSSWORD




**PAHALANG**

1 Ibang salita para sa nililiyag
5 Kasabay na dumating
11 Ang gustong makamit
12 Lugar sa Pampanga
13 Boss
14 Ginagawang gatong sa pagluluto
15 __ Doki Dok
16 Akin
17 Awit ng papuri
19 Emil Sandoval
20 Kalaban ng kahoy
22 Inilalabas ng bulkan
24 Ari-arian
26 Tingin
29 Di gusto
31 Uri ng pansit
32 Aiza Seguerra
34 Iabot
36 Sunod sa uso
37 Programa ni Martin dati
39 Sikat na boksingero
40 Tawag sa batang babae
41 Ibalik
43 Agad
44 Natuluyan dahil sa tama ng baril
45 Amerikana

**PABABA**

1 Ibong iniiwan ng ina sa salay
2 Babaeng kapangalan ni Ramon
3 malaking hayop na kulay puti
4 Puntong Batangueno
5 Taba
6 uri ng langgam
7 Pantukoy sa isang lugar
8 Amuki
9 Palayaw ni Miguel
10 Mabutong prutas
14 International School
17 Awit sa sanggol
18 Aktres na Rita
21 Tatay
23 __ Hiking Society
25 Natamo
27 hangin sa Silangan
28 Pinausukang isda
30 Tingting o tambo
32 Tumango sa ibinibintang
33 Nipa
35 Oo sa kastila
38 Lugar sa Pampanga
40 Unang bilang
42 Undertime
43 Ingay ng banoy



**PAHALANG**

1 Mga inihahandang gagawin
6 Inaagusan ng maruming tubig
10 Kilalang lugar sa Amerika
12 Barkilyos
13 Titik
14 Award sa pelikula ng US
15 Trying Hard
16 Katutubo sa Aklan
17 Partner ni Ate Guy
19 Aaba
21 Aresto
22 Alas ng pelikulang lokal
23 Mamimitas ng bunga
25 Pagtutuyo ng karne
27 International, daglat
28 Tawag sa Ina
29 Mr. Pacino
30 Ligasgas
31 Aasam
33 Jet __
34 Isabit
36 Gamit ang hagdan patungo rito
37 Paraan ng paglakad

**PABABA**

1 Sinasabi ng taong galit
2 Pangalan ng isang videoke bar
3 Sinaunang wika
4 Kawawa
5 Ikaw
6 Irog
7 Napigil
8 Buwan bago ang May
9 Los Angeles
11 Karera ng motor
18 Inilabas sa kulungan
20 Pang-ulos
23 Artificial Intelligence
24 Alsa
26 Paglalagay ng harang sa butas
28 Butil sa busal
31 Tatay
32 Hamak
33 51 kay Caesar
35 Associated Press

## Sagot sa nakaraan:

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | S | A | L | A | W | A | H | A | N | |
| S | | K | A | T | I | P | A | N | | S |
| I | N | | S | A | G | I | P | | M | I |
| N | A | K | A | R | | K | O | R | A | N |
| I | S | A | O | I | | I | N | I | B | A |
| M | A | L | | | | | | L | A | S |
| U | L | A | L | O | | A | P | E | L | A |
| L | A | P | I | S | | P | A | S | O | K |
| A | G | | H | A | G | I | S | | S | A |
| N | | M | A | K | U | N | A | T | | Y |
| | M | A | M | A | M | A | Y | A | N | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | B | A | L | I | K | A | T | | |
| | N | A | T | A | | A | S | A | P | |
| H | I | | A | P | I | N | A | | A | M |
| A | P | I | | A | B | A | | A | B | E |
| W | A | I | S | | A | | I | B | O | N |
| K | | B | A | G | | A | P | A | | E |
| I | T | I | M | | T | | A | N | A | S |
| N | A | G | | L | A | B | | O | L | E |
| S | K | | S | A | B | A | T | | A | S |
| | O | N | I | N | | T | A | O | S | |
| | | I | N | A | B | O | N | O | | |

# WORD SEARCH


ATTACK
BLOCK
BOUT
COMPETE
EVENTS
FOIL
LUNGE
MASTER
POINT
SCORE
SEQUENCE
TECHNIQUE


| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | C | O | M | B | A | T | I | V | E | A | P | E | S | T |
| L | E | A | F | P | B | U | F | L | M | E | L | C | O | E |
| D | M | O | E | O | I | I | S | A | B | E | R | U | F | C |
| E | I | E | R | I | I | C | L | L | E | A | E | E | C | H |
| L | O | C | Z | N | E | S | O | E | E | E | N | T | N | N |
| C | P | Y | L | T | I | C | O | T | C | C | P | U | S | I |
| E | P | R | E | P | K | E | E | L | E | O | V | E | E | Q |
| E | O | C | E | R | A | P | L | R | E | E | E | H | G | U |
| C | N | A | H | T | M | R | S | L | E | C | D | R | N | E |
| N | E | K | T | O | S | C | R | R | C | N | O | M | U | F |
| E | T | M | C | T | E | A | O | Y | O | E | O | T | L | S |
| U | M | A | P | U | A | C | M | S | O | V | N | A | T | P |
| Q | M | E | L | G | S | C | L | R | E | N | W | O | U | T |
| E | E | V | E | N | T | S | K | S | H | E | O | O | U | P |
| S | E | Y | B | O | C | L | E | M | A | B | Y | E | I | U |

BLANKET
BOOTS
BRIDLE
CANTER
FOAL
GAIT
GALLOP
GROOM
MARE
NOSE
PONY
RACE

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | E | L | C | I | G | A | M | O | R | C | A | M | E | M |
| W | F | L | L | B | R | B | N | P | O | L | L | A | G | O |
| O | S | I | M | L | L | E | D | C | R | M | T | T | C | S |
| H | E | A | A | B | I | A | A | A | A | E | A | M | O | H |
| S | E | O | D | G | S | N | N | R | C | N | A | N | F | T |
| E | F | E | H | D | T | W | A | K | E | T | L | S | E | E |
| F | B | D | R | E | L | P | E | T | E | E | E | G | E | R |
| A | R | W | R | A | T | E | M | N | R | T | R | N | E | R |
| S | I | E | E | O | M | E | I | R | I | O | D | S | C | S |
| U | D | G | G | I | D | P | O | A | O | U | T | P | U | T |
| R | L | B | Y | A | V | S | Y | M | M | O | Q | I | P | E |
| I | E | O | N | T | I | Z | A | N | O | L | N | E | N | E |
| V | I | P | O | C | R | T | E | B | L | R | O | M | R | D |
| R | H | L | P | C | H | A | R | I | O | T | S | T | G | I |
| F | R | E | W | E | I | V | O | T | O | H | E | Y | R | M |

## Sagot sa nakaraan:





# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2 | 7 | 3 | | 5 | | | |
| | | | | 7 | | | 2 | 1 |
| 9 | | | 4 | 1 | | 8 | | |
| | 6 | 4 | | | | | | 5 |
| | 1 | | 9 | | 8 | | 7 | |
| 7 | | | | | | 4 | 3 | |
| | | 8 | | 9 | 1 | | | 3 |
| 3 | 7 | | | 6 | | | | |
| | | | 8 | | 7 | 2 | 1 | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | | | 6 | 9 | | | | 1 |
| | 9 | | | | | 3 | 8 | |
| | | 2 | | 3 | 4 | | | 6 |
| 1 | 7 | | 5 | | | 8 | | |
| | | 8 | 3 | | 7 | 2 | | |
| | | 4 | | | 9 | | 3 | 7 |
| 7 | | | 4 | 8 | | 9 | | |
| | 1 | 9 | | | | | 6 | |
| 3 | | | | 2 | 6 | | | 8 |

## Sagot sa nakaraan:

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 6 | 3 | 8 | 5 | 2 | 7 | 1 | 4 |
| 2 | 8 | 4 | 1 | 3 | 7 | 6 | 5 | 9 |
| 7 | 5 | 1 | 6 | 4 | 9 | 3 | 8 | 2 |
| 6 | 4 | 2 | 3 | 9 | 1 | 5 | 7 | 8 |
| 5 | 9 | 8 | 7 | 6 | 4 | 2 | 3 | 1 |
| 3 | 1 | 7 | 2 | 8 | 5 | 9 | 4 | 6 |
| 1 | 2 | 9 | 5 | 7 | 8 | 4 | 6 | 3 |
| 4 | 7 | 6 | 9 | 1 | 3 | 8 | 2 | 5 |
| 8 | 3 | 5 | 4 | 2 | 6 | 1 | 9 | 7 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | 5 | 8 | 6 | 2 | 7 | 9 | 3 | 1 |
| 9 | 3 | 2 | 1 | 5 | 4 | 6 | 8 | 7 |
| 7 | 1 | 6 | 9 | 3 | 8 | 2 | 4 | 5 |
| 8 | 7 | 1 | 5 | 6 | 2 | 3 | 9 | 4 |
| 2 | 6 | 9 | 7 | 4 | 3 | 5 | 1 | 8 |
| 3 | 4 | 5 | 8 | 1 | 9 | 7 | 6 | 2 |
| 5 | 8 | 3 | 2 | 9 | 1 | 4 | 7 | 6 |
| 6 | 9 | 7 | 4 | 8 | 5 | 1 | 2 | 3 |
| 1 | 2 | 4 | 3 | 7 | 6 | 8 | 5 | 9 |

# DOH-CALABARZON ENCOURAGES RESIDENTS TO DONATE BLOOD

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo encourages residents to voluntarily donate blood to keep the body fit and healthy and also to further increase the quality and supply of blood and blood products in the region.**

"Donate blood, make it a practice, it promotes a healthy lifestyle whilst replenishing our blood supply," Dr. Janairo stated during the start of the blood donation activity among employees of the regional office.

"More blood, more lives will be saved! It enhances the formation of new red blood cells and reduces the risk of getting heart diseases and it also strengthens the body," he exclaimed.

As part of its continuing advocacy and commitment to provide safe blood supply and blood products for patients in need of blood transfusion, the regional office conducted the first round of blood donation activity in coordination with the DOH Philippine Blood Center (PBC) who provided the supplies, equipment and personnel needed for the screening and blood-letting activity.

The blood letting activity yielded 35 blood units.

According to Janairo, a donor must be between 16 to 65 years old (16 and 17 must secure parental consent) and in good health, must weigh at least 110 pounds (50 kg) and passed the physical, health history and lifestyle assessment during the screening, may donate blood voluntarily. "A person can donate blood every 12 weeks or three months wherein the body has already to restore its supply of blood."

A donated blood will undergo 5 levels of testing to ensure that it is very safe during transfusion in hospitals. Blood testing cost about Php1,500.

Persons who are not allowed to donate blood are pregnant women, those with fever, have recently taken alcoholic beverages, have tattoo, ear or body piercing or have been in surgery. Also those with cancer, cardiac disease, severe lung disease, with hepatitis B and C, infected with HIV (human immunodeficiency virus), AIDS (acute immune deficiency syndrome) or STD (sexually transmitted disease).

Republic Act 7719, also known as the National Blood Services Act of 1994 promotes voluntary blood donation.

Blood products are needed during surgery, after an accident or due to a disease that requires blood components through transfusion.

People who benefits from donated blood are those suffering from severe blood loss, leukemia, hemophilia, mothers giving birth with complications, major trauma and transplant patients.

"All blood donations dispensed and provided by PBC are safe and free from diseases and have undergone strict screening. Blood donation is also one way of identifying ensuring I urge all healthy citizens to donate blood voluntarily and help in the saving of lives," Janairo encouraged.

According to the DOH, the donated blood is free, but due to the significant costs associated with collecting, testing, preparing components, labeling, storing and shipping; recruiting and educating donors; and quality assurance.

The processing fees are charged to recover costs. Processing fees for individual blood components vary considerably. The acceptable maximum allowable processing fee for blood/components are the following, for Whole blood - Php1,500.00; Pack Red Cells - Php1,100.00; Fresh Frozen Plasma - Php700.00; Cryoprecipitate - Php700.00; and Cryosupernate - Php700.00. (AO 181 s. 2002). Hospitals may also charge for any additional testing that may be required, such as the crossmatch, as well as for the administration of the blood.

The Philippine Blood Center (PBC), located at the Lung Center Compound, Quezon City is accepting walk-in donors from Mondays to Fridays from 8:00 a.m. to 5:00 p.m. For those who may want to schedule a blood activity or a blood drive in your office, school, and church or within the barangay, you may call 7093703/ 7093792 for assistance.

Voluntary blood donors can also donate at selected level 3 government and private hospital, and different Philippine Red Cross chapters in the country.




Ipinapakita nina Lipa Lone District Representative Vilma Santos-Recto at DOH-CALABARZON Regional Director Eduaro C. Janairo ang kanilang nilagdaang Memorandum of Agreement sa mga pribadong ospital para sa pagkakaloob ng full medical assistance sa mga to residente ng Lipa, Batangas. Ang MOA signing ay isinagawa sa Mario's Restaurant sa Timog Avenue, Quezon City nitong May 23, 2018. **BOY NAMORA**



Kinukunan ng dugo ng staff ng Philippine Blood Center ang kawani ng DOH-CALABARZON sa isinagawang voluntary blood letting activity. **BOY NAMORA**

# Mga tamad na pulis, sisipain sa MPD-11

HINDI magdadalawang-isip ang kasalukuyang station commander ng Manila Police District Station-11 na sipain o alisin ang mga mapapatunayang tatamad-tamad na pulis.

Walang puwang kay Supt. Santiago Pascual, hepe ng MPD-11, ang mga pulis na tamad.

Hindi lang umano trabaho sa halip ay obligasyon at tungkulin ng pulis na protektahan ang seguridad ng mamamayan.

Sa pagkakaupo ni Pascual sa MPD-11 ay binusisi ang record ng mga pulis upang matukoy kung sino ang mga karapat-dapat na manatili sa puwesto.

Napag-alaman na nasa 100 pulis na sinasabing tatamad-tamad ang unang sinibak ng police official.

Kasabay nito ay tiniyak ni Pascual na hindi siya mangingimi na magtanggal ng mga tamad na pulis.

Binalaan din ng naturang station commander ang kanyang mga tauhan na huwag pumasok sa ano mang uri ng illegal activities gayundin ang pangongotong sa mga pobreng manininda.

Samantala, patuloy na nililinis ni Chief Inspector Anthony Sy, hepe ng Gandara-PCP ng MPD-11, ang kanyang nasasakupan laban sa lahat ng uri ng kriminalidad.

Epektibo naman ang isinasagawang mga programa ni Sy sa pagpapatupad ng kaayusan at katahimikan sa kanyang hurisdiksiyon. **MIOS KIE**



DAGSA sa tinaguriang 'Bargain Capital' ng Bansa ang mga last minute shoppers para makabili ng mga school supplies, tulad ng lapis, color, notebooks ballpen, sapatos, uniforms at iba pa na murang ibenibenta sa bangketa ng Divisoria, Maynila. **(Christian Heramis)**

# 54-ANYOS NA TATAY, NAGPAKAMATAY SA LOOB NG HOTEL

**NAGPAKAMATAY sa pamagitan ng pagbigti ang isang 54-anyos na lalaki na natagpuan sa loob ng isang hotel sa Bacoor City, Cavite.**

Hinihinalang may ilang oras nang patay ang biktimang si Benjamin Lim Dela Cerna, may-asawa ng 3094 Sulok St., Brgy., Panapaan 3 Bacoor City.

Sa report ni PO2 Francis Mark Cortez ng Bacoor City Police Station, dakong alas- 10:30 ng gabi nang natagpuan ang bangkay ng biktima sa loob ng Room 3 ng Habay Hotel sa Brgy., Habay 2 Bacoor City.

Nauna rito, kinakatok ng room boy ng hotel ang kuwarto ng biktima dahil sa ma-extend na ang kanyang oras subalit walang sumasagot dahilan upang puwersahang buksan ang pinto ng kuwarto nito.

Gayunman, bumungad sa kanila ang bangkay ng biktima na nakabitin ang leeg gamit ang isang nylon rope.

Ang biktima ay nagcheck in sa nasabing hotel dakong alas-6:50 ng gabi at nakatakda sanang mag-check out ng alas-10:00 ng gabi.

Inaalam pa ng pulisya kung ano ang motibo sa pagpapakamatay ng biktima. **GENE ADSUARA**

# 1 Patay, kasamahan sugatan nang suyurin ng motorsiklo

PATAY ang isang lalaki habang sugatan ang kasama nito nang suyurin sila ng isang motorcycle rider habang naglalakad ang mga ito pauwi sa Alfonso, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Poblete Hospital si Joey Musnim tubong Dau, Angeles City Pampanga at residente ng Brgy. Luksuhin Ibaba, Alfonso, Cavite habang ginagamot sa nasabi ring ospital ang kasamahan nito na si Rodel Dacula, 30, ng Luksuhin Ibaba, Alfonso, at Mark Israel Suarez, 26, driver ng motorsiklo ng Brgy. Sulsugin,Alfonso.

Sa report ni PO2 Boyet Sorinao ng Alfonso Municipal Station, dakong 11:00 ng gabi nang naganap ang insidnete sa Brgy., Ibaba, Alfonso.

Papauwi ang mga biktima galing sa inuman sa isang kaibigan at habang naglalakad sa nasabing lugar nang banggain sila ng motorsiklo na minamaneho ni Suarez.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga, tumilapon ng ilang metro ang mga biktima, kabilang ang driver.

Isinugod ang tatlo sa ospital subalit namatay si Musni. **GENE ADSUARA**

# Mangingisda, dedo sa palo ng kahoy

PATAY ang isang 38-anyos na mangingisda nang pagpapaluin sa ulo ng kanyang nakaalitan sa Cavite City.

Namatay habang ginagamot sa Philippine General Hospital ang biktimang si Joselito Sorosro, binata ng Bagong Pool, Barangay 48A, San Antonio, Cavite City.

Hawak ng pulisya ang suspek na si Henryl Del Rosarion, 44, isang factory worker at kapitbahay ng biktima.

Sa report ni PO2 Julius Historilli Llave ng Cavite City Police Station, dakong alas-8:30 ng gabi nang nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang biktima at suspek sa harapan ng kanilang bahay sa Bagong Pook Barangay 48A, San Antonio.

Ang kanilang pagtatalo ay nauwi sa suntukan nang makahanap ng matigas na kahoy ang suspek at pinagpapalo sa ulo ang biktima.

Isinugod sa Baustita Hospital sa Cavite City ang biktima subalit dahil malala ang sugat nito sa ulo kaya inilipat sa PGH gayunman binawiaan din ng buhay.

Tinangka naman ng suspek na tumakas subalit naaresto ito ng mga pulis sa isinagawang follow up operations. **GENE ADSUARA**

# 2nd year medical student, nagbigti sa mababang grades

NANGANGAMBANG hindi na siya makapag-enroll sa darating na pasukan dahil sa mabababa nitong grades kaya minabuti ng isang 2nd year Medical student na wakasan ang kanyang buhay sa pamagitan ng pagbigti sa Dasmarinas City, Cavite.

Kinilala ang biktima na si James Bucao, ng Dela Salle Univesity, Dasmarinas City at pansamantalang nanunuluyan sa Erja Dormitory Villa Nacasia Subd., Brgy. Burol Main, Dasmarinas City.

Sa report ni SPO1 Michael Dela Pena ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-5:30 ng umaga nang nadiskubre ng kanyang kapwa boarder ang biktima na nagpakamatay sa pamagitan ng pagbigti gamit ang sling ng eco-bag sa hagdanan sa 4rth floor ng nasabing dormitory.

Depression dahil sa mabababa nitong grdaes ang iniuugnay na dahilan kung bakit winakasan ng biktima ang kanyang buhay.

Sinabi ni Dela Pena na nangangamba 'yung bata na hindi siya makapag-enrol itong susunod na pasukan dahil sa mababa nitong mga grado.

"Nag-aaral siya ngayon, eh baka hindi siya makakapag-enrol sa susunod na pasukan kasi mababaa ang kanyang grades" ayon kay Dela Pena.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

# Residente ng Maynila, dumayo sa Cavite para magnakaw

HINDI lumusot ang modus operandi ng dalawang katao na residente ng Maynila at dumayo pa sa Cavite upang magshopping matapos silang maaresto sa tangkang pagpulsit ng tinatayang P15, 371 halaga ng pinamili sa isang mall sa Bacoor City, Cavite.

Hawak ng Bacoor City Police Station ang suspek na sina Daniel Villafuerte, 20 at Nefertiri Ann Mera, 20, kapwa residente ng 2166 Jesus St., Old Balagtas, Pandacan, Manila dahil sa reklamo ni Vicente Morado, civilian security guard ng SM Department Store, Bacoor City, Cavite branch.

Sa report ni SPO1 Feliciano Garcia II ng Bacoor City Police Station (CPS) dakong alas-8:30 ng gabi nang pumasok ang mga suspek sa nasabing mall na nagkunwang mamimili.

Nabatid na kapwa may dalang backpack ang dalawa at eco-bag nang pumasok sa mall kung saan ipinasok sa eco-bag ang dalawang pares na Vans na sapatos, Bench bag habang ang medyo maliliit na item tulad ng Dickies polo at sweat shirt, Beverly Hills Polo at Macbeth Tees shirt at polo na umabot sa P15, 371.25 ang halaga ay isinilid sa eco-bag.

Lingid sa kanilang kaalam ay minamanmanan sila ni Morado na pabalik-balik sa fiiting room subalit hindi ibinabalik ang sinusukat nilang mga damit.

Tinangkang lumabas ito nang hindi dumaan sa cashier dahilan upang sitahin ang dala nila na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Kasong Theft thru Shoplifting ang isasampa laban sa mga suspek. **GENE ADSUARA**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**

0977-7844136

## Respeto sa isa't isa

'ANG buhay nga naman, kay hirap unawain. Pag-aalitan sa isa't isa ay nagdudulot ng kabiguan at kasawian.'

Bahagi po ito ng awiting nilikha ng aming grupo o barkadahan noong panahong kami ay nasa high school.

After 35 years ay saka ko lamang nakita at nakasama muli ang aking mga ka-batch at kaklase nitong nakaraang May 26.

Walang pagbabago sa pagsasamahan, hindi lang kami basta magkakaklase o batch bagkus ay kapatid ang turingan namin sa isa't isa.

Sa napakahabang panahong lumipas siyempre ay mayroon ng kanya-kanyang buhay subalit nananatili pa rin ang pagsasamahan at pagkakaibigan.

Buo pa rin ang samahan dahil iniisantabi ang pag-aalitan sa isa't isa.

Ang pag-aalitan ay hindi naman talaga nawawala o naiiwasan at kung bakit ito nangyayari ay mayroong dahilan.

Iyon nga lamang kapag lumala o naging grabe na ay isa sa kahihinatnan ay ang pagkakawatak ng grupo.

Sad to say pero sa mundong ginagalawan ko sa ngayon ay nangyayari ito.

Magkakasama, iisa ang ginagalawan, pareho ang propesyon subalit nahahati sa dalawang grupo.

Kung sadyang hindi maiiwasan na mahati ang magkakasama at magkaroon ng dalawang grupo, sana lamang ay iwasan ng bawat isa na magpatutsadahan pa.

Respeto na lamang sa isa't isa, pinili niya ang isang grupo kaya dapat ay igalang mo siya.

Andiyan na at nangyari na ang pag-aalitan sa isa't isa, para maiwasan naman ang kabiguan at kasawian ay itigil na lamang ang iringan.

Ulitin lamang po natin, respeto sa isa't isa ang mahalaga kahit saan ka pa man nakagrupo.

**SUPT. ROBERT DOMINGO NG MPD-2**

BATIIN ko lang si Supt. Robert Domingo sa pagkakatalaga sa kanya bilang station commander ng Manila Police District Station-2.

Mabuhay ka kernel at gudlak sa iyong panunungkulan diyan sa MPD-2.


"Malinis Masarap, Laging Bago"

PING-PING Lechon & Rest. Inc.

Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services

Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622

Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668



Look for:
Bong or William